Paghingi ng Tulong upang Bayaran ang Iyong Bayarin

Ang impormasyon na ito ay para sa sinumang tumatanggap ng mga serbisyo mula sa pasilidad ng AdventHealth o isang kaanib na tagabigay ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Maaari mong makita ang listahan ng mga pasilidad ng AdventHealth sa www.adventhealth.com. Bilang isang sistema ng ospital na sinusuportahan ng relihiyon, nagbibigay kami ng pangangalagang medikal sa lahat ng pasyente, kasama ang mga nahihirapang magbayad ng mga serbisyo dahil sa limitadong kita. Maaari kang humingi ng tulong sa iyong bayarin sa anumang oras habang nasa ospital ka o nasa proseso ng pagsingil.

Paano Magiging Kwalipikadong Makakuha ng Tulong

Kung makakatanggap ka ng mga emerhensiyang serbisyo o mga serbisyo na kinakailangan sa paggamot at walang pagsakop na pang-medikal mula sa isang komesyal na nagbibigay ng insurance o programa ng pamahalaan, maaari kang maging kwalipikadong makakuha ng tulong na pinansyal. Ang halaga ng tulong ay depende sa iyong taunang kita at laki ng pamilya. Kung ang iyong taunang kita ay katumbas ng o mababa sa 200% ng kasalukuyang Mga Alituntunin ng Pamahalaan sa Kahirapan, maaaring hindi mo kailanganing bayaran ang bayarin.

2021 na Mga Alituntunin ng Pamahalaan sa Kahirapan	
Laki ng sambahayan	**200% ng Kahirapan**
1	25.760 USD
2	34.840 USD
Para sa bawat idadagdag na tao, magdadagdag ng 4.540 USD	

Kung hindi natutugunan ng iyong kita ang mga alituntunin upang bayaran ang iyong buong bayarin, maaari ka pa ring maging kwalipikadong makakuha ng tulong para bayaran ang bahagi ng iyong bayarin. Maaari ka ring maging kwalipikado batay sa iba pang mga dahilan sa iyong application.

Pag-aapply para Humingi ng Tulong

Maaari kang personal na mag-apply para humingi ng tulong sa iyong bayarin, sa pamamagitan ng sulat o sa Telepono. Upang makatanggap ng application, tawagan ang aming departamento para sa Serbisyo sa Customer, pumunta sa aming website o pumunta sa lugar sa aming ospital para sa pagpaparehistro ng pasyente. Makikita ang numero ng aming Telepono sa seksyon na tulong na pinansyal ng aming website at sa unang pahina ng dokumentong ito kapag na-print. Makukuha rin ang impormasyon na ito sa iba pang mga wika sa aming website o sa lugar para sa pagpaparehistro ng pasyente.

Emerhensiyang Pangangalaga at Pangangalaga na Kinakailangan sa Paggamot

Kung kwalipikado kang makakuha ng tulong sa iyong bayarin, hindi ka sisingilin nang mahigit sa sinisingil sa mga taong may sumasakop na insurance para sa emerhensiyang pangangalaga o pangangalaga na kinakailangan sa paggamot. Ikinukumpara namin ang binabayarang halaga ng mga pasyenteng may insurance at ang kanilang mga kumpanya ng insurance upang malaman kung magkano ang dapat naming bayaran. Maaari mong makita ang aming patakaran para sa kawanggawa sa aming website.

Mga Sumusuportang Dokumento

Kung gusto mong maging bahagi ng aming programa ng tulong na pinansyal, ikaw ang mananagot para sa pagbibigay ng mga impormasyon at papeles nang nasa oras. Kailangan mong ibahagi ang lahat ng impormasyong tungkol sa iyong mga benepisyo sa kalusugan, kita, ari-arian at anumang iba pang bagay na makakatulong sa amin na malaman kung kwalipikado kang makakuha ng tulong. Maaaring kasama sa mga papeles ang mga statement ng bangko, income tax form at mga check stub.

Mga Aktibidad para sa Paniningil

Ang mga bayarin na hindi babayaran sa loob ng 100 araw pagkatapos ng petsa ng unang pagsingil ay maaaring iulat sa isang ahensiyang naniningil. Ang mga bayarin na hindi babayaran sa loob ng 120 araw pagkatapos ng petsa ng unang pagsingil ay maaaring iulat sa kasaysayan ng iyong utang o ng iyong guarantor. Ikaw o ang guarantor ay maaaring mag-apply para humingi ng tulong sa iyong bayarin sa anumang oras sa panahon ng proseso ng paniningil sa pamamagitan ng pagkumpleto ng isang application.

APPLICATION PARA SA TULONG NA PINANSYAL

(Kailangang sagutan ang lahat ng puwang maliban kung binanggit)

Apelyido at Pangalan ng Pasyente	Petsa ng Kapanganakan	Numero ng Social Security	*Bilang ng mga Tao sa Sambahayan	Taunang Kita ng Sambahayan sa Nakalipas na 12 Buwan $
Kung Menor de Edad, Apelyi-do at Pangalan ng Guarantor	Petsa ng Kapanganakan	Numero ng Social Security	Pinagkukunan ng Kita ng Guarantor	
Mga Sasakyan sa Sambahayan kasama ang Mga Kotse/ Bangka/RV (Taon/Yari/Modelo) (Opsyonal)	Balanse sa Account ng Checkings o Savings (Opsyonal)	Mga Pag-aari at Mga Halaga (Opsyonal)	Mga Balanse sa Account para sa CD/Pagreretiro/ Pamumuh unan (Opsyonal)	Iba pang Mga Ari-arian (Opsyonal)

Tirahan ng Pasyente kasama ang Pangalan ng Kalye	Numero ng Telepono sa Bahay	Kung $0 ang kita, pakilagyan ng check ang isa:	
Lungsod, Estado, Zip Code	Iternatibong Numero ng Telepon		Nakatira sa (mga) kamag-anak
			Nakatira sa (mga) Kaibigan
Bilang ng mga bata na wala pa sa edad na 21 na kasamang nakatira sa bahay: _____			Retirado
			Walang Trabaho
			May Kapansanan
			Walang Tirahan

Pakibasa bago pirmahan. PINAPATUNAYAN ko na totoo at tama ang mga impormasyon na ibinigay ko sa abot ng aking kaalaman. Mag-isa akong mag-aapply o nang may tulong mula sa tauhan ng ospital para sa LAHAT NG TULONG na maaaring makuha sa pamamagitan ng pamahalaan, estado, lokal na pamahalaan at mga pribadong pagmumulan upang tumulong sa pagbabayad ng bayarin sa ospital na ito. Nauunawaan ko na kung hindi ako makikipagtulungan sa ospital na nagbibigay ng serbisyo sa akin hinggil sa pagbibigay ng hiniling na impormasyon, maaaring tanggihan ang aking application para sa posibleng tulong na pinansyal. Sa pamamagitan nito, binibigyan ko ng pahintulot at awtorisasyon ang anumang kinikilalang ahente ng programa ng Medicaid upang isiwalat sa ospital na nagbibigay ng serbisyo sa akin ang LAHAT ng impormasyong hinggil sa kalagayan ng aking application sa Medicaid at kung hindi aaprubahan ang application at ang dahilan para sa hindi pag-apruba. ITATALAGA ko sa ospital na nagbibigay ng serbisyo sa akin ang LAHAT NG PONDO na matatanggap mula sa mga mapagkukunan na nasa itaas, na inilaan upang tumulong dito sa BAYARIN SA OSPITAL. Ako, sa ngalan ko, at para sa aking (mga) kamag-anak, (mga) awtorisadong kinatawan, (mga) doktor, (mga) tagapayo (kasama ang pari), at (mga) abugado, ay sumasang-ayon na panghawakan at panatilihin nang may mahigpit na pagtitiwala ang anumang nakasulat na pakikipag-ugnayan at/o mga napag-usapan sa pagitan ko at ng ospital na nagbibigay ng serbisyo sa akin hinggil sa mga bagay na may kaugnayan sa mga serbisyong ibinigay sa akin ng ospital na nagbibigay ng serbisyo sa akin. Nauunawaan ko na ang isusumite kong impormasyon ay sasailalim sa pagbeberipika ng ospital na nagbibigay ng serbisyo sa akin, kasama ang mga ahensiya para sa pag-uulat ng utang, at sasailalim ito sa pagsusuri ng MGA AHENSIYA NG PAMAHALAAN at/o ESTADO at ng iba pa ayon sa kinakailangan. PINAHIHINTULTUAN ko ang aking employer na ilabas sa ospital na nagbibigay ng serbisyo sa akin ang aking katunayan ng kita. NAUUNAWAAN ko na kung mapapatunayang hindi totoo ang alinman sa impormasyon na ibibigay ko, susuriin muli ng ospital na nagbibigay ng serbisyo sa akin ang aking pinansyal na kalagayan at gagawa ng anumang naaangkop na aksyon. **Upang maging kwalipikadong makakuha ng tulong, maaaring kailanganin ang kahit isang piraso ng impormasyon ng sumusuportang dokumentasyon na nagbeberipika sa kita ng sambahayan. Ang sumusuportang dokumentasyon ay maaaring kabilangan ng ngunit hindi limitado sa tax return na may pinaka-kamakailan na taon, bagong W-2, sulat ng suporta na mayroong notaryo, atbp. Maaaring tanggihan ang paghingi ng tulong kung hindi magbibigay ng sumusuportang dokumentasyon. Maaaring maging karapat-dapat para sa karagdagang pangongolekta ang hindi nabayarang balanse.** *[Mga Aplikante ng Estado ng Florida: Batas ng Florida s.817.50 (1). Ang sinumang kusang-loob at sinasadyang mandaya, kumuha o susubukang makakuha ng mga kalakal, produkto, paninda o serbisyo mula sa anumang ospital sa estadong ito ay magkakasala ng maling asal na nasa pangalawang antas, na maaaring parusahan ayon sa isinasaad sa s.775.082 o s.775-083.]*

_____ Pirma ng Aplikante o Guarantor

_____ Petsa nang Kinumpleto

* Kapag kinakalkula ang bilang ng mga tao sa sambahayan, binibilang lamang ang mga sumusunod na taong ito: 1) Mga kadugong ka-mag-anak na nakatira sa bahay, 2) Mga kamag-anak dahil sa pag-aasawa na nakatira sa bahay at 3) Mga kamag-anak sa pamamagitan ng legal na pag-aampon na nakatira sa bahay.

Gagamitin Lamang ng Opisina				
Reason for Service	GAI	DOS	Family Size	Total Charges
1.0x $	1.5x $	2.0x $	25% Rule $	
Recommendation for account disposition				
Finance Committee Disposition				
Manager _____ Date _____		Director _____ Date _____		

Sa Buong Kumpanya

Tulong na Pinansyal

CW F 50.1

Layunin

Nakatuon ang Adventist Health System (AHS) sa kahusayan sa pagbibigay ng pangangalang pangkalusugan na may mataas na kalidad habang naglilingkod sa iba't-ibang mga pangangailangan ng mga nakatira sa aming lugar ng serbisyo. Dedikado ang AHS sa pananaw na dapat magkaroon ng daan ang lahat sa emerhensiyang pangangalaga o iba pang hindi opsyonal na pangangalaga na kinakailangan sa paggamot, anuman ang edad, kasarian, heograpikong lokasyon, kulturang pinagmulan, pisikal na kakayahang gumalaw o kakayahang magbayad. Nakatuon ang AHS sa pagbibigay ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan at tinatanggap na sa ilang mga pangyayari ang isang indibiduwal ay maaaring hindi makapagbayad ng mga natanggap na serbisyo. Ang patakarang ito ay nilalayong sumunod sa Seksyon 501(r) ng Internal Revenue Code at sa mga regulasyon na ipinapahayag doon at dapat maunawaan at gamitin alinsunod sa mga naturang regulasyon. Pinagtibay ang patakaran na ito ng namamahalang lupon ng bawat pasilidad ng ospital ng AHS alinsunod sa mga regulasyon sa ilalim ng Seksyon 501(r).

Ang AHS ay nagbibigay ng emerhensiyang pangangalaga o iba pang hindi opsyonal na pangangalaga na kinakailangan sa paggamot sa mga indibiduwal na pasyente nang hindi nandidiskrimina anuman ang kanilang kakayahang magbayad, kakayahang maging kwalipikadong makakuha ng tulong na pinansyal o ang pagkakaroon ng pagsakop mula sa ikatlong partido. Sakaling wala ang pagsakop ng ikatlong partido, gumagawa ng paglalaan bawat taon para magkaroon ng mga pondo para sa tulong na pinansyal. Saanman maaari, magpapasimula ang tagapayo sa pananalapi ng pagtukoy sa pagiging karapat-dapat para sa tulong na pinansyal bago ang o sa panahon ng pagpasok sa ospital. Tinutukoy ng patakaran na ito ang mga pangyayari kung kailan kailangang magbigay ng pangangalaga ang isang organisasyon ng ospital ng AHS o ang isang may kaugnayang entidad (isang pagtutulungan sa pagbibigay ng emerhensiyang pangangalaga o iba pang pangangalaga na kinakailangan sa paggamot kung saan mayroong karapatan ang organisasyon ng ospital ng AHS) nang walang bayad batay sa pinansyal na pangangailangan ng indibiduwal.

Ang patakaran ng tulong na pinansyal ay nagbibigay ng mga alituntunin para sa tulong na pinansyal sa mga karapat-dapat na indibiduwal na pasyente na nagbabayad nang sarili at mga karapat-dapat na indibiduwal na pasyente na mayroong mga balanse pagkatapos magbayad ng pagsakop ang insurance, na tumatanggap ng mga emerhensiyang pangangalaga o iba pang mga hindi opsyonal na pangangalaga na kinakailangan sa paggamot batay sa pinansyal na pangangailangan. Ang patakarang ito para sa tulong na pinansyal ay nagbibigay din ng mga alituntunin para sa mga halaga na maaaring singilin sa lahat ng pasyenteng nagbabayad nang sarili at tumatanggap ng mga kinakailangang serbisyong medikal. Hindi magbibigay ng mga diskuwento sa tulong na pinansyal na batay sa pinansyal na pangangailangan para sa mga opsyonal na pamamaraan, maliban kung tinukoy ayon sa natatanging pagpapasiya ng pasilidad ng ospital ng AHS ayon sa bawat kaso.

Ang mga kinakailangang serbisyo ay tinutukoy bilang medikal na kondisyon na kung hindi agad bibigyan ng pansin ay:

- Ilalagay sa malubhang panganib ang kalusugan ng indibiduwal
- Magdudulot ng seryosong paghina ng mga paggana ng katawan o ng seryosong hindi paggana ng bahagi ng katawan.

Kasama sa mga uri ng mga pasyenteng sakop ng depinisyon na ito ang, ngunit hindi limitado sa:

- Mga Pasyente sa Pang-emerhensiyang Departamento
- Mga Pagpasok sa Pang-emerhensiyang Departamento
- IP/OP na pag-follow up na may kaugnayan sa Emerhensiyang pagbisita.

Sa Buong Kumpanya

Tulong na Pinansyal

CW F 50.1

Patakaran

Pakitingnan ang Karagdagan sa Patakaran na ito para sa listahan ng lahat ng tagabigay ng serbisyo, maliban sa pasilidad ng ospital ng AHS, na nagbibigay ng emerhensiyang pangangalaga o iba pang pangangalaga na kinakailangan sa paggamot sa pasilidad ng ospital ng AHS, at tinutukoy kung aling mga tagabigay ng serbisyo ang sakop nitong Patakaran ng Tulong na Pinansyal at alin ang hindi sinasakop. Maaaring makita online ang listahan ng mga tagabigay ng serbisyo na nakapaloob sa Karagdagan sa Patakaran na ito sa website ng pasilidad ng ospital ng AHS. Maaaring makakuha ng libreng papel na kopya mula sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Pananalapi ng Pasyente (Patient Financial Services Department) ng pasilidad ng ospital ng AHS.

Ina-update ang listahan ng tagabigay ng serbisyo tuwing tatlong buwan upang magdagdag ng bago o nawawalang impormasyon, itama ang maling impormasyon at tanggalin ang hindi na ginagamit na impormasyon. Kasama sa listahan ng tagabigay ng serbisyo ang petsa ng pinakabago at pinaka-kamakailan na update.

Maaaring ilista ng pasilidad ng ospital ng AHS ang mga pangalan ng mga indibiduwal na doktor, mga grupo ng mga medikal na propesyonal o anumang iba pang mga entidad na nagbibigay ng emerhensiyang pangangalaga o pangangalagang kinakailangan sa paggamot sa pasilidad ng ospital ng AHS ayon sa pangalang ginagamit upang makipagkontrata sa ospital o kaya upang singilin ang mga pasyenteng binigyan ng pangangalaga.

A. Maaaring isaalang-alang ang emerhensiyang pangangalaga o pangangalagang kinakailangan sa paggamot para makakuha ng tulong na pinansyal kung magpapakita ang pasyente ng alinman sa mga sumusunod na kondisyon:
    1. Walang available na pagsakop ng ikatlong partido.
    2. Karapat-dapat ang pasyente na makakuha ng tulong (hal. Medicaid), ngunit ang mga partikular na serbisyo ay hindi sinasakop.
    3. Naubos na ang mga benepisyo sa Medicare o Medicaid at wala nang kakayahang magbayad ang pasyente.
    4. Nasa insurance ang pasyente ngunit karapat-dapat makakuha ng tulong batay sa pangangailangang pinansyal na kaugnay sa balanse ng indibiduwal pagkatapos magbayad ng pagsakop ang insurance.
    5. Natutugunan ng pasyente ang mga kinakailangan ng kawanggawa na nasa lugar at/o estado.
    6. Maaaring mag-apply ang mga pasyente para makakuha ng tulong na pinansyal alinsunod sa mga itinakdang alituntunin sa Patakaran na ito.
B. Ang Mga Patakaran ng Tulong na Pinansyal, Mga Application Form para sa Tulong na Pinansyal at ang Mga Buod ng Mga Patakaran ng Tulong na Pinansyal na nakasulat sa Maiintindihang Wika ay malinaw at maaaring makuha ng mga indibiduwal na ibinibigay sa anumang bahagi ng patuloy na pangangalaga sa mga wika na naaangkop sa lugar ng serbisyo ng AHS, na sumusunod sa Batas ng Mga Serbisyo sa Tulong sa Wika (Language Assistance Services Act) at sa mga pangunahing wika ng anumang mga populasyon na mayroong limitadong kakayahan sa Ingles na bumubuo sa mas kaunti sa 1,000 indibiduwal o 5% ng mga miyembro ng komunidad na pinaglilingkuran ng pasilidad ng ospital ng AHS (ang mga populasyon na may limitadong kakayahan sa Ingles at na tumutugon sa mga pamantayan na nasa itaas ay tutukuyin sa patakaran na ito bilang mga populasyon na tinukoy bilang LEP).

Tulong na Pinansyal

Patakaran

1. Website: Ang mga pasilidad ng ospital ng AHS ay magpapaskil ng makikitang kumpleto at bagong mga bersyon ng mga sumusunod sa kani-kanyang website nito:
   a. Patakaran ng Tulong na Pinansyal (Financial Assistance Policy, FAP)
   b. Application Form para sa Tulong na Pinansyal (Financial Assistance Application Form, FAA Form)
   c. Buod ng Patakaran ng Tulong na Pinansyal na Nakasulat sa Maiintindihang Wika (Plain Language Summary, PLS)
   d. Impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa Mga Tagapayo sa Pananalapi ng pasilidad ng AHS.
2. Sasabihin ng website na mayroong makukuhang kopya ng FAP, FAA Form at PLS at kung paano makakakuha ng mga naturang kopya sa mga pangunahing wika ng mga populasyon na tinukoy bilang LEP.
3. Magpapaskil ng karatula na makikita sa mga pampublikong lugar sa mga pasilidad ng ospital ng AHS kasama ang lahat ng lugar para sa pagpasok sa ospital at mga lugar para sa pagrerehistro, kasama ang Departamento para sa Emerhensiya. Ang lahat ng karatula na nagsasaad na mayroong makukuhang tulong na pinansyal ay may kasamang mga sumusunod na elemento:
   e. Ang website address ng pasilidad ng ospital kung saan maaaring makuha ang FAP, PLS at ang FAA Form
   f. Ang numero ng Telepono at aktwal na lokasyon (numero ng silid) na matatawagan o mapupuntahan ng mga tao upang makakuha ng mga kopya ng FAP, FAA Form o PLS o upang makakuha ng higit pang impormasyon tungkol sa FAP, PLS o proseso ng pag-aapply.
4. Impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa kung paano at kung saan makakakuha ng mga kopya ng FAP, FAA Form at PLS ang mga tao na miyembro ng mga populasyon na tinukoy bilang LEP. Ang bawat pasilidad ng ospital ng AHS ay gagawa ng mga papel na kopya ng FAP, FAA Form at PLS na makukuha kapag hiniling at walang bayad, sa mga pampublikong lokasyon sa pasilidad ng ospital (kasama ang Departamento para sa Emerhensiya at ang lahat ng lugar para sa pagpasok sa ospital at pagrerehistro) at sa pamamagitan ng sulat. Makakakuha ng mga kopya na nasa Ingles at nasa mga pangunahing wika ng mga populasyon na tinukoy bilang LEP. Magbibigay ng papel na kopya ng PLS sa mga pasyente bilang bahagi ng proseso ng pagpasok o paglabas.
5. Mga Pagbisita sa Tagapayo sa Pananalapi: Sisikapin ng mga tagapayo sa pananalapi na magbigay ng personal na pagpapayo tungkol sa pananalapi sa lahat ng indibiduwal na ipapasok sa ospital ng AHS na mauuri bilang nagbabayad nang sarili. Gagamit ng mga interpreter, ayon sa isinasaad, upang bigyang-daan ang makabuluhang pakikipag-usap sa mga indibiduwal na mayroong limitadong kakayahan sa Ingles. Magkakaroon ng mga pamantayan para sa pagiging karapat- dapat sa tulong na pinansyal at impormasyon tungkol sa diskuwento.
6. Kailangang ipamahagi ang PLS sa mga miyembro ng komunidad na pinaglilingkuran ng pasilidad ng ospital ng AHS sa paraan na makatwirang tinantiya na maaabot ang mga miyembrong iyon ng komunidad na talagang malamang na nangangailangan ng tulong na pinansyal. Ang isang halimbawa ay ang pamamahagi ng mga kopya ng PLS sa mga organisasyon sa komunidad na tumutugon sa mga pangangailangan sa kalusugan ng mga populasyon na mababa ang kita

Patakaran

C. Ang AHS at ang mga pinaglilingkurang indibiduwal ay mayroong pananagutan para sa mga pangkalahatang proseso na may kaugnayan sa probisyon ng tulong na pinansyal.

1. Mga Pananagutan ng AHS:

   a. Mayroong patakaran ng tulong na pinansyal ang AHS upang matasa at malaman ang pagiging karapat-dapat ng indibiduwal para makakuha ng tulong na pinansyal.

   b. May mga paraan ang AHS para sa malawakang pagsasapubliko at pagpapabatid ng pagkakaroon ng tulong na pinansyal sa lahat ng indibiduwal sa paraan na nagtataguyod ng ganap na paglahok ng indibiduwal.

   c. Nauunawaan ng mga tauhan ng AHS na nasa bahagi ng Mga Serbisyo sa Pananalapi at Pagrerehistro ng Pasyente (Patient Financial Services and Registration) ang tungkol sa patakaran ng tulong na pinansyal at nagagawang ipaabot sa mga tamang kinatawan ng ospital ang mga tanong tungkol sa patakaran.

   d. Hinihiling ng AHS sa lahat ng kontrata sa mga ikatlong partidong ahente na naniningil ng mga bayarin sa ngalan ng AHS na magsama ng nakasulat na mga probisyon ng kontrata na sasang-ayunan ng parehong partido, na magsasaad na ang mga ahenteng ito ay susunod sa mga patakaran ng tulong na pinansyal ng AHS.

   e. Ang Revenue Cycle Department ng AHS ay nagbibigay ng pamamahala sa organisasyon para sa probisyon ng tulong na pinansyal at para sa mga patakaran o proseso na namamahala sa tulong na pinansyal at mga proseso ng pagsingil at pangonoglekta.

   f. Matapos matanggap ang kahilingan ng indibiduwal para sa tulong na pinansyal, aabisuhan ng AHS ang indibiduwal tungkol sa pagtukoy sa pagiging karapat- dapat sa loob ng makatwirang panahon.

   g. Nagbibigay ang AHS ng mga opsyon para sa mga pag- aayos ng pagbabayad.

   h. Sinusuportahan at iginagalang ng AHS ang karapatan ng mga indibiduwal upang umapela sa mga desisyon at humingi ng muling pagsasaalang-alang.

   i. Ang AHS ay nagpapanatili (at hinihiling sa mga kontratista sa pagsingil na magpanatili) ng dokumentasyon na sumusuporta sa hinahandog, pag-aapply para sa at probisyon ng tulong na pinansyal para sa hindi hihigit sa pitong taon.

   j. Susuriin at isasama ng AHS paminsan-minsan ang mga alituntunin ng pamahalaan sa kahirapan para sa mga update na inilalathala ng Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Kalusugan at Tao ng Estados Unidos.

2. Mga Pananagutan ng Bawat Pasyente

   a. Upang mabigyan ng 100% bawas sa mga singil sa ilalim ng patakaran ng tulong na pinansyal, kailangang makipagtulungan ng indibiduwal sa AHS upang magbigay ng impormasyon at dokumentasyon na kinakailangan upang mag-apply para sa iba pang mga umiiral na mapagkukunan na pananalapi na maaaring magbayad para sa pangangalagang pangkalusugan, tulad ng Medicare, Medicaid, pananagutan ng ikatlong partido, etc.

   b. Upang mabigyan ng 100% bawas sa mga singil sa ilalim ng patakaran ng tulong na pinansyal, kailangang bigyan ng indibiduwal ang AHS ng pinansyal na impormasyon at iba pang impormasyon na kailangan upang malaman ang pagiging karapat-dapat (kasama dito ang pagkumpleto sa mga kailangang application form at ganap na pakikipagtulungan sa pangangalap ng impormasyon at proseso ng pagtatasa).

Patakaran

c. Ang isang pasyente na nagbabayad nang sarili na hindi karapat-dapat para sa 100% bawas sa mga singil batay sa pangangailangang pinansyal ay hindi sisingilin nang mahigit sa halagang karaniwang sinisingil sa mga indibiduwal na mayroong insurance na sumasakop sa naturang pangangalaga at makikipagtulungan sa ospital upang gumawa ng makatwirang plano ng pagbabayad.

d. Kailangang gumawa ng mga pagsusumikap na may

e. mabuting hangarin ang isang pasyenteng nagbabayad nang sarili at hindi kwalipikado para sa 100% bawas sa mga singil batay sa pangangailangang pinansyal upang kilalanin ang mga plano ng pagbabayad para sa kanilang mga bayarin sa ospital. Pananagutan ng indibiduwal na abisuhan nang maaga ang AHS tungkol sa anumang pagbabago sa pinansyal na sitwasyon at nang sa gayon matatasa ang epekto ng pagbabagong ito kumpara sa mga patakaran ng tulong na pinansyal na namamahala sa probisyon ng tulong na pinansyal, mga bayarin nila sa ospital o mga probisyon ng mga plano ng pagbabayad.

D. Ang mga pagtukoy sa pagiging karapat-dapat para sa tulong na pinansyal at ang proseso ng pag-aapply para sa tulong na pinansyal ay magiging patas, hindi nagbabago at nasa oras.

1. Pagtukoy ng Mga Indibiduwal na Maaaring Maging Karapat- dapat. Tatanggapin ang mga kahilingan para sa tulong na pinansyal nang hanggang 240 araw pagkatapos ng petsa ng pagpapadala sa indibiduwal ng unang pahayag ng pagsingil kapag lumabas ng ospital sa pamamagitan ng sulat o elektronikong pagpapakita ng bayarin.

a. Ang mga proseso ng pagrerehistro at bago magparehistro ay nagtataguyod ng pagkakakilanlan ng mga indibiduwal na nangangailangan ng tulong na pinansyal.

b. Gagawa ng mga pinakamahusay na pagsusumikap ang mga tagapayo sa pananalapi upang makipag-ugnayan sa lahat ng pasyente sa ospital na nagbabayad nang sarili sa panahon ng pananatili o paglabas ng ospital.

c. Ibibigay sa bawat indibiduwal ang PLS ng pasilidad ng ospital ng AHS kasama ang FAA Form kapag pumasok o lumabas ng pasilidad ng ospital.

d. Isasama ang isang malinaw na nakasulat na abiso sa mga pahayag ng pagsingil na nag-aabiso at nagpapaalam sa mga tatanggap ng tungkol sa pagkakaroon ng tulong na pinansyal sa ilalim ng FAP ng pasilidad ng ospital ng AHS at kasama ang mga sumusunod: 1) numero ng Telepono para sa opisina ng pasilidad ng ospital ng AHS odepartamento na makakapagbigay ng impormasyon tungkol sa FAP at ang proseso ng application para sa tulong na pinansyal; at 2) ang web-site address kung saan makakakuha ng mga kopya ng FAP, FAA Form at PLS.

e. Gagawa ng mga makatwirang pagsubok upang abisuhan ang mga indibiduwal sa pamamagitan ng pagsasabi ng tungkol sa FAP ng pasilidad ng ospital ng AHS at kung paano maaaring makakuha ng tulong sa FAA Form at proseso.

f. Bibigyan ang indbiduwal ng kahit isang nakasulat na abiso (abiso ng mga aksyon na maaaring gawin), kasama ng kopya ng PLS, na nag-aabiso at nagpapaalam sa indibiduwal na mayroong tulong na pinansyal para sa mga karapat-dapat na indibiduwal at sinasabi na maaaring gumawa ng aksyon ang ospital upang mag-ulat ng salungat na impormasyon na tungkol sa indibiduwal sa mga ahensiya ng mamimili para sa pag-uulat ng utang o mga kawanihan para sa utang o sasali sa iba pang tinukoy na mga di-pangkaraniwang panininigil kung hindi magsusumite ng FAA Form ang indibiduwal o magbabayad ng halagang dapat bayaran bago sumapit

Patakaran

ang tinukoy na takdang araw. Hindi maaaring mas maaga ang takdang araw sa 120 araw pagkatapos ipadala sa indibiduwal ang unang pahayag ng pagsingil kapag lumabas ng ospital. Kailangang ibigay ang abiso sa indibiduwal nang hindi bababa sa 30 araw bago ang takdang araw na tinukoy sa abiso.

2. Mga Kahilingan para sa Tulong na Pinansyal. Maaaring makatanggap ng mga kahilingan para sa tulong na pinansyal mula sa maraming pagmumulan (kasama ang pasyente, miyembro ng pamilya, organisasyon sa komunidad, simbahan, ahensiyang naniningil, tagapag-alaga, Pangasiwaan, atbp.).
   a. Ang mga kahilingang natanggap mula sa mga ikatlong partido ay ipapadala sa tagapayo sa pananalapi.
   b. Makikipagtulungan ang tagapayo sa pananalapi sa ikatlong partido upang magbigay ng mga mapagkukunan na mayroon upang tulungan ang indibiduwal sa proseso ng pag-aapply.
   c. Kapag hiniling, magbibigay ng sulat para sa tinantiyang mga singil sa mga indibiduwal na humiling ng nakasulat na paglalarawan ng mga tinantiyang singil.
3. Mga Pamantayan para sa Pagiging Karapat-dapat
   a. Upang maging karapat-dapat para sa 100% bawas mula sa mga naaangkop na singil (hal. ganap na pag-alis para sa mga pasyenteng nagbabayad nang sarili at ganap na pag-alis ng pananagutan ng pasyente sa bahagi ng mga singil pagkatapos magbayad ng pagsakop ang insurance), ang kita ng sambahayan ay dapat nasa o mas mababa sa 200% ng kasalukuyang Mga Alituntunin ng Pamahalaan sa Kahirapan. Ang mga pasyenteng nagbabayad nang sarili na may mga kita na lampas sa 200% ng mga kasalukuyang Alituntunin ng Pamahalaan sa Kahirapan ay sisingilin ng hindi hihigit sa halagang karaniwang sinisingil sa mga indibiduwal na mayroong insurance na sumasakop sa naturang pangangalaga.
   b. Ang halagang sisingilin sa sinumang indibiduwal na karapat-dapat makakuha ng FAP para sa emehensiyang pangangalaga o lahat ng iba pang pangangalaga na kinakailangan sa paggamot ay ibabatay sa mga halagang karaniwang sinisingil (amounts generally billed, AGB) sa mga indibiduwal na mayroong insurance na sumasakop sa naturang pangangalaga sa bawat partikular na ospital ng AHS. Aalamin ng bawat pasilidad ng ospital ng AHS ang AGB nito sa pamamagitan ng pag-alam sa porsiyento ng AGB at pagmu-multiply sa porsiyentong iyon ng kabuuang (gross) mga singil para sa mga serbisyong ibinigay sa indibiduwal. Ang lahat ng pasilidad ng ospital ng AHS ay gagamit ng paraang pagbabalik-tanaw ayon sa inilalarawan sa §1.501(r)-5(b)(3) upang malaman ang AGB. Maaaring makipag-ugnayan ang mga indibiduwal sa isang miyembro ng may kaugnayang koponan ng Patient Financial Services ng ospital ng AHS sa numero ng Telepono na ipinapakita sa nakalakip sa patakaran na ito upang makakuha ng libreng nakasulat na dokumento ng impormasyon na nagsasaad ng may kaugnayang porsiyento ng AGB ng pasilidad ng ospital ng AHS at isang paliwanag kung paano nalalaman ang porsiyento ng AGB.
   c. Magiging mas mababa sa kabuuang singil para sa pangngalagang iyon ang mga singil sa isang indibiduwal na karapat-dapat makakuha ng tulong na pinansyal sa ilalim ng FAP ng pasilidad ng ospital ng AHS para sa anumang mga serbisyong medikal.

Patakaran

d. Kung kailangang dagdagan ang 200% pinakamataas na limitasyon ng tulong na pinansyal para sa mga kondisyon na partikular sa merkado (kasama ang kompetisyon at mga kaugnayan sa publiko), magpapakita ng hindi pagsasama ang kinatawan ng entidad sa Senior Hospital Finance Group (SHFG) Committee ng Adventist Health System para aprubahan.

e. Bilang karagdagan sa pagtatasa ng antas ng kita na nakabalangkas sa itaas, ang opsyonal na ari-arian ay nangangahulugan na maaari ring gumamit ng pagsusuri upang malaman ang pagiging karapat-dapat na makakuha ng tulong na pinansyal. Ang pagsusuri ng ari-arian ay kailangan lamang para sa mga pasyente ng Medicare. Opsyonal ang pagsusuri ng ari-arian para sa mga pasyenteng wala sa Medicare. Para sa mga layunin ng patakaran na ito, ang halaga ng pananagutan ng pasyente ay 100% ng bahagi ng pasyente na hindi HIHIGIT sa: 1) Pitong prosiyento (7%) ng Mga Ari-arian na Mayroon o 2) Kinakailangang bayad ayon sa Patakaran ng Tulong na Pinansyal. Ang “Mga Ari-arian na Mayroon” ay tinutukoy bilang pera, katumbas ng pera at mga pamumuhunan na walang kaugnayan sa pagreretiro.

f. Kapag inaalam ang kita ng indibduwal, gagamitin ang mga sumusunod na tuntunin:

   i. Kasama sa laki ng sambahayan at kita ang lahat ng miyembro ng kamag-anak at iba pang mga umaasa sa sambahayan ayon sa mga sumusunod:

      1. Isang nasa hustong gulang, kung may asawa, ang asawa nito.
      2. Sinumang tunay o inampon na mga menor de edad na mga anak ng nasa hustong gulang o ng asawa.
      3. Sinumang menor de edad kung kanino binigyan ng hukuman ng legal na pananagutan ang nasa hustong gulang o asawa.
      4. Sinumang estudyante na mahigit sa 18 taong gulang, umaasa sa pamilya para sa mahigit a 50% suporta (kailangan ang kasalukuyang tax return ng may pananagutang nasa hustong gulang).
      5. Sinumang iba pang mga tao na umaasa sa kita ng pamilya para sa mahigit sa 50% suporta (kailangan ang kasalukuyang tax return ng may pananagutang nasa hustong gulang).

g. Maaaring beripikahin ang kita sa pamamagitan ng paggamit ng pahayag ng personal na pananalapi o sa pamamagitan ng pagkuha ng mga kopya ng pinakabagong Form W-2 ng aplikanteng iyon, pinakabagong Form 1040, mga statement sa bangko o anumang iba pang anyo ng dokumentasyon na sumusuporta sa inulat na kita.

h. Pananatilihin sa mga file ng pasyente ang dokumentasyon na sumusuporta sa pagbeberipika ng kita at ng Mga Ari- arian na Mayroon para sumangguni rito sa hinaharap.

i. Maaaring gumawa ng ulat ng utang para sa layunin ng pagtukoy sa karagdagang gastos, mga obligasyon at kitaupang tumulong sa pagbuo ng isang kumpletong pag-unawa sa mga kalagayang pinansyal ng indibiduwal. Maaaring gumamit ng tool sa pagbibigay ng score ng ikatlong partido upang mapatunayan ang pagiging karapat-dapat para makakuha ng tulong na pinansyal.

Patakaran

j. Tatanggapin ang mga application form para sa tulong na pinansyal nang hanggang 240 araw pagkatapos ipadala sa pasyente ang unang pahayag ng pagsingil kapag lumabas ng ospital o kapag nalaman ang pagbabago sa pinansyal na kalagayan ng pasyente. Hindi kailangang ulitin ang pag-aapply para sa tulong na pinansyal para sa mga petsa ng serbisyo na nangyari sa hanggang tatlong (3) buwan pagkatapos ng huling petsa ng pag-apruba sa application.

k. Ipinapalagay na pagiging karapat-dapat: Ang mga indibiduwal na walang insurance at inilalarawan ng isa o mahigit pa sa mga sumusunod ay maaaring ituring na karapat-dapat na makakuha ng karamihan sa tulong na pinansyal nang hindi magkukumpleto ng Application Form para sa Tulong na Pinansyal:

- Walang tirahan ang indibiduwal;
- Namatay ang indibduwal at walang napag-alamang ari-arian na magbabayad ng mga utang sa ospital;
- Kinulong ang indibiduwal para sa mabigat na kasalanan;
- Kasalukuyang karapat-dapat ang indibiduwal para makakuha ng Medicaid, ngunit wala ito sa petsa ng serbisyo;
- Ayon sa Estado, karapat-dapat makatanggap ng tulong ang indibduwal sa ilalim ng Violent Crimes Victims Compensation Act o ng Sexual Assault Victims Compensation Act;
- Mayroong score na “D” o “E” ang indibiduwal sa score ng panganib para sa pagbabayad batay sa Scorer® application. Ang Scorer application ay isang tool na dinisenyo upang mauri ang mga indibiduwal sa mga grupo ng iba’t-ibang mga pinagkukunan ng kabuhayan. Ang mga score ay binubuo ng mga algorithm na pinagsasama-sama ang mga datos mula sa mga kawanihan, database ng demograpiko at mga partikular na datos mula sa ospital upang makilala at mauri ang mga indibiduwal sa kani-kanyang mga kategorya ng mga pinagkukunan ng kabuhayan. Bilang kapalit ng paggamit ng Scorer application, maaari ring gumamit ng mga sore mula sa kawanihan ng utang upang malaman ang ipinapalagay na pagiging karapat-dapat ayon sa mabuting pagpapasiya ng ospital.
- Nalamang karapat-dapat na makakuha ng tulong na pinansyal ang indibiduwal anumang oras sa nakaraang tatlong buwan pagkatapos ng petsa nang maaprubahan ang huling pag-aapply para sa tulong na pinansyal.

Para sa sinumang indibiduwal na ipinagpalagay na karapat- dapat makakuha ng tulong na pinansyal alinsunod sa patakaran na ito, ilalapat ang parehong mga aksyon na inilarawan sa Seksyon D na ito at sa buong patakaran na ito na katulad ng kung nagsumite ang indibiduwal ng kumpletong Application Form para sa Tulong na Pinansyal.

4. Paraan ng Pag-aapply para sa Tulong na Pinansyal

a. Application Form ng AHS para sa Tulong na Pinansyal. Para makapag-apply para sa tulong na pinansyal, kukumpletuhin ng indibiduwal ang Application Form ng AHS para sa Tulong na Pinansyal. Magbibigay ang indibiduwal ng lahat ng sumusuportang datos na kailangan upang maberipika ang pagiging karapat-dapat, kasama ang sumusuportang dokumentasyon na nagbeberipika sa kita. Tingnan ang Mga Tagubilin ng Pagpapatupad ng Tulong na Pinansyal para sa CWF 50.1 para sa mga tinatanggap ng uri ng dokumentasyon.

Patakaran

b. Maaaring makakuha ang indibiduwal ng kopya ng Application Form ng AHS para sa Tulong na Pinansyal sa pamamagitan ng pag-access nito sa website ng mga ospital ng AHS, sa pamamagitan ng paghiling ng libreng kopya sa sulat, pakikipag-ugnayan sa Patient Financial Services department ng ospital ng AHS, o sa pamamagitan ng personal na paghiling ng kopya sa anumang lugar para sa pagpasok ng pasyente o pagpaparehistro sa mga ospital ng AHS.

c. Magsusumite ng nakumpletong Application Form ng AHS para sa Tulong na Pinansyal sa Patient Financial Services para maproseso. Hihiling sa indibiduwal ng katunayan ng kita at mga ari-arian na mayroon. Bilang karagdagan, ang mga tumatanggap ng Medicare ay sasailalim sa karagdagang pagsusuri ng ari-arian alinsunod sa pederal na batas. Kinukumpleto ang isang pagsusuri upang malaman ang pagiging karapat-dapat batay sa kabuuang mapagkukunan ng indibiduwal (kasama ang ngunit limitado sa antas ng kita ng pamilya, mga ari-arian (ayon sa hinihiling para sa mga pasyente ng Medicare) at iba pang mahalagang impormasyon.

5. Mga Aksyon na Maaaring Gawin Sakaling Hindi Magbayad: Pagkatapos ng 120 araw simula sa petsa nang ipinadala sa indibiduwal ang unang pahayag ng pagsingil kapag lumabas ng ospital, maaaring mag-ulat ang pasilidad ng AHS ng mga hindi nabayarang utang para sa ibinigay na pangangalaga sa indibiduwal sa mga ahensiya para sa pag-uulat ng utang ng mamimili o mga kawanihan ng utang, o pagbebenta ng utang na itinuturing na isang di-pangkaraniwang panininigil (extraordinary collection action, ECA) (pakitingnan ang Seksyon F.6. ng Patakaran), o sumali sa anumang iba pang tinukoy na ECA kapag naibigay na ang mga sumusunod na abiso sa indibiduwal nang hindi bababa sa 30 araw bago simulan ang anumang mga ECA: 1) ang isang nakasulat na abiso, kasama ng PLS, ay ibinibigay sa indibiduwal na nagsasaad na mayroong tulong na pinansyal para sa mga karapat-dapat na indibiduwal at sinasabi ang mga partikular na ECA na maaaring simulan pagkatapos ng tinukoy na takdang araw (hindi maaaring mas maaga ang takdang araw sa 30 araw matapos ibigay ang nakasulat na abiso), at 2) gagawa ng makatwirang pagsubok na abisuhan ang indibduwal ng tungkol sa FAP ng pasilidad ng ospital ng AHS at kung paano makakakuha ng tulong ang indibiduwal sa proseso ng pag-aaply para sa tulong na pinansya

a. Walang Isinumiteng Application Form para sa Tulong na Pinansyal:

   Kung walang isinumiteng Application Form para sa Tulong na Pinansyal sa loob ng 120 araw kasunod ng petsa matapos ipadala sa indibiduwal ang unang pahayag ng pagsingil kapag lumabas ng ospital at nakalipas na ang itinakdang takdang araw na nasa nakasulat na abiso, maaaring magpasimula ng ECA ang pasilidad ng AHS.

b. Nagsumite ng Hindi Kumpletong Application Form para sa Tulong na Pinansyal:

   Kung magsusumite ang indibiduwal ng hindi kumpletong Application Form para sa Tulong na Pinansyal sa 240 araw na kasunod ng petsa kung kailan ipinadala sa indibiduwal ang pahayag ng pagsingil kapag lumabas ng ospital (ang panahon ng pag-aapply), kailangang gumawa ang ospital ng AHS ng mga sumusunod na aksyon:

   i. Suspindihin ang anumang mga ECA;

   ii. Bigyan ng nakasulat na abiso ang indibiduwal na naglalarawan sa karagdagang impormasyon at/o dokumentasyon na hinihiling sa Patakaran ng Tulong na Pinansyal o Application Form para sa Tulong na Pinansyal na kailangang isumite ng indibiduwal sa loob ng makatwirang panahon at na naglalaman ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan kasama ang numero ng Telepono at aktwal na

Patakaran

lokasyon ng opisina ng pasilidad ng ospital ng AHS o departamento na maaaring magbigay ng impormasyon tungkol sa FAP, gayundin ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng opisina ng pasilidad ng ospital o departamento na maaaring magbigay ng tulong sa proseso ng pag-aapply para sa tulong na pinansyal o, bilang alternatibo, isang nonprofit na organisasyon o ahensiya ng pamahalaan na maaaring magbigay ng tulong sa proseso ng pag-aapply ng tulong na pinansyal kung hindi ito magagawa ng pasilidad ng ospital ng AHS;

iii. iii.Kung hindi makukumpleto ang Application Form para sa Tulong na Pinansyal sa loob ng makatwirang takdang panahon na tinalakay sa itaas, maaaring magpasimula o magpatuloy ng ECA ang ospital. Ang mga lien na kasama sa insurance (sasakyan, pananagutan, buhay at kalusugan) na kumakatawan sa mga posibleng malilikom na dapat bayaran bilang resulta ng mga personal na pinsala ng indibiduwal kung saan nagbigay ng pangangalaga ang pasilidad ng ospital ng AHS ay pinahihintulutan kaugnay sa proseso ng paniningil. Walang iba pang mga personal na pagpapasiya o lien na ihahain laban sa mga indibiduwal na karapat-dapat makakuha ng FAP.

c. Nagsumite ng Kumpletong Application para sa Tulong na Pinansyal:

Kung magsusumite ang indibiduwal ng kumpletong Application Form para sa Tulong na Pinansyal sa panahon ng pag-aapply (240 araw pagkatapos ipadala ang unang pahayag ng pagsingil kapag lumabas ng ospital), kailangang gumawa ng mga sumusunod na aksyon ang ospital ng AHS:

i. Suspindihin ang anumang mga ECA.

ii. Suspindihin ang anumang paniningil sa panahon ng pagsasalaang-alang ng nakumpletong Application Form ng AHS para sa Tulong na Pinansyal. Magpapasok ng tala sa account ng pasyente upang suspindihin ang paniningil hanggang makumpleto ang proseso ng tulong na pinansyal. Kung ipinasa ang account sa naniningil na ahensiya, aabisuhan ang ahensiya na suspindihin ang mga paniningil hanggang gumawa ng pagtukoy. Idodokumento ang abisong ito sa mga tala sa account.

iii. Gumawa at idokumento ang pagtukoy sa pagiging karapat-dapat ng indibiduwal para sa tulong na pinansyal.

iv. Abisuhan ang indibiduwal sa sulat nang nasa oras, karaniwan sa loob ng 60 araw, pagkatapos matanggap ang nakumpletong Application Form para sa Tulong na Pinansyal ng pagtukoy sa pagiging karapat-dapat at ang basehan para sa pagtukoy.

v. Bigyan ang indibiduwal ng pahayag ng pagsingil (hindi kailangan para sa pahayag ng pagsingil na may $0 balanse) na nagsasaad ng halagang dapat bayaran bilang indibiduwal na karapat-dapat makakuh ang FAP at na naglalarawan kung paano makakakuha ng impormasyon ang indibiduwal na tungkol sa AGB para sa pangangalaga at kung paano natukoy ng pasilidad ng ospital ng AHS ang halagang dapat bayaran ng indibiduwal.

vi. I-refund sa indibiduwal ang anumang sobrang mga baya

vii. Gawin ang lahat ng makatwirang pamamaraan na magagamit upang bawiin ang anumang ECA na ginawa laban sa indibiduwal.

Patakaran

viii. Magbigay ng nakasulat na abiso ng pagtanggi sa sinumang indibiduwal na malalamang hindi karapat-dapat makakuha ng FAP at isama ang dahilan para sa pagtanggi at isang proseso at impormasyon sa pakikipag- ugnayan para sa paghahain ng apela. Kung hindi sasang- ayon ang indibiduwal sa desisyon na tanggihan ang probisyon ng tulong na pinansyal, maaaring humiling ng apela ang indibiduwal sa sulat sa loob ng 45 araw ng pagtanggi. Kailangan kasama sa apela ang anumang karagdagang impormasyon na may kaugnayan na maaaring makatulong sa pagsusuri ng apela. Susuriin buwan-buwan ang mga kahilingan para sa apela sa pagtanggi sa pamamagitan ng Komite ng Tulong Pinansyal (Financial Assistance Committee). Ipapaabot sa indibiduwal ang mga magagawang desisyon ng Financial Assistance Committee sa loob ng 60 araw ng pagsusuri ng Komite at ipapakita ang panghuling desisyon ng Komite.

ix. Kapag natanggap ang kumpletong FAA Form, maaaring ipagpaliban ng pasilidad ng ospital ng AHS ang pagpapasiya nito tungkol sa pagiging karapat-dapat ng indibiduwal sa ilalim ng FAP nito kung nagsumite ang indibiduwal ng application para sa tulong ng Medicaid hanggang sa naturang panahon na matutukoy ang pagiging karapat-dapat sa Medicaid.

E. Mga Pananagutan ng Patient Financial Services

1. Financial Assistance Committee: Susuriin buwan-buwan ang buod ng mga application para sa tulong na pinansyal at ang mga magreresultang rekomendasyon na pinoproseso ng Patient Financial Services sa pamamagitan ng Financial Assistance Committee ng ospital. Susuriin ng Financial Assistance Committee ang lahat ng rekomendasyon tungkol sa tulong pananalapi, nang nakatuon sa pagsusuri sa mga kahilingan na nasa hangganan o mga hindi karaniwang kahilingan na kailangan ng pagsusuri ayon sa bawat kaso.
2. Ang probisyon ng tulong na pinansyal na lalampas sa $10,000 ay kailangang aprubahan ng Financial Assistance Committee.
3. Ilalapat ng Patient Financial Services ang inaprubahang tulong na pinansyal sa account ng indibiduwal, kasunod ng pagsusuri at pag-apruba ng Financial Assistance Committee.
4. May pananagutan ang Patient Financial Services para sa pagtukoy na gumawa ng mga makatwirang pagsusumikap ang ospital kung karapat-dapat ang indibiduwal sa FAP at kung maaaring gumawa ng aksyon ang ospital para sumali sa anumang mga ECA.
5. Susundan ng mga ahensiya sa pagsingil na nakikipagkontrata sa AHS ang patakaran ng tulong na pinansyal na ito kaugnay sa lahat ng bagay na hinggil sa pagsingil at pangongolekta.
6. Ang pagbebenta ng utang ng isang indibiduwal sa isa pang partido (maliban sa hindi ECA na pagbebenta na inilarawan sa ibaba) ay itinuturing na isang ECA at hindi dapat simulan hanggang sa makumpleto ang mga hinihiling na hakbang na nakabalangkas sa itaas sa Seksyon D. Anumang iminumungkahing pagbebenta ng utang ay kailangang aprubahan ng may kaugnayang AHS Regional CFO at isumite sa Proseso ng AHS para sa Pagsusuri ng Kontrata bago ipatupad.

Ang ilan sa mga pagbebenta ng utang ay hindi itinuturing na mga ECA. Ang mga pagbebenta ng hindi ECA na utang ay hinihiling na pumasok ang pasilidad ng ospital ng AHS sa isang nakasulat na kasunduan na sasang-ayunan nang parehong partido kasama ng bibili ng utang na magtatakda ng mga sumusunod:

Patakaran

a. Hindi maaaring sumali ang bibili sa anumang mga ECA;

b. Ipinagbabawal ang bibili mula sa pagsingil ng interes sa utang na labis sa itinatag na singil ng IRS;

c. Maibabalik o mababawi ang utang sa pamamagitan ng pasilidad ng ospital ng AHS kapag natukoy na karapat- dapat ang indibiduwal na makakuha ng FAP; at

d. Kung hindi babawiin o ibabalik ang utang, kailangang tiyakin ng bibili na hindi magbabayad ang indibiduwal nang mahigit sa kanyang personal na pananagutan bilang indibiduwla na karapat-dapat na makakuha ng FAP.

F. Mga Indibiduwal na Plano ng Pagbabayad

1. Ang mga plano ng pagbabayad para sa mga pasyeteng nagbabayad nang sarili na sisingilin ng AGB ay magkakahiwalay na bubuuin kasama ng indibiduwal na pasyente. Ang lahat ng paniningil ay isasagawa nang naaalinsunod sa mga batas ng pamahalaan at estado na namamahala sa mga kasanayan sa paniningil ng utang. Walang matatamong interes sa mga balanse ng account habang gumagawa ng mga pagbabayad maliban kung kusang-loob na pipiliin ng indibiduwal na lumahok sa isang kasunduan para sa pangmatagalang pagbabayad na mayroong interes na ilalapat ng ikatlong partidong kinatawan sa pananalapi.

2. Kung susunod ang indibiduwal sa mga tuntunin ng kanyang plano ng pagbabayad na hiwalay na binuo, walang gagawing pangongolekta.

G. Pagpapanatili ng Rekord

1. Magpapanatili ng rekord sa papel o elektroniko, na nagpapakita ng pagpapahintulot sa tulong na pinansyal kasama ang mga kopya ng lahat ng application at worksheet form.

2. Pananatilihin sa loob ng pitong taon ang buod na impormasyon tungkol sa mga naprosesong application at ibinigay na tulong na pinansyal. Kasama sa buod na impormasyon ang bilang ng mga pasyente na nag-apply sa AHS para sa tulong na pinansyal, kung ilang pasyente ang nakatanggap ng tulong na pinansyal, ang halaga ng ibinigay ng tulong na pinansyal sa bawat pasyente at ang kabuuang bayarin para sa bawat pasyente.

3. Iuulat taun-taon ang halaga ng tulong pinansyal sa Community Benefit Report. Iuulat ang Tulong na Pinansyal (Charity Care) bilang halaga (hindi mga singil) ng ibinigay na pangangalaga gamit ang mga pinakabagong halaga ng pagpapatakbo na mayroon at ang kaugnay na ratio ng halaga sa singil.

H. Sasailalim sa Batas: Ang probisyon ng tulong na pinansyal ay maaaring sumailalim sa batas ng pamahalaan, estado o lugar ngayon o sa hinaharap. Mamamahala ang mga batas sa lawak na magpapatupad ito ng mas mahigpit na mga kinakailangan bukod sa patakaran na ito.

Donald L. Jernigan, President/CEO
November 13, 2015 (Effective January 1, 2016 Origination Date: March 2006
Revision Date: February 26, 2008
December 18, 2008
November 13, 2014
Reviewed and Affirmed: N

AdventHealth

Magsumite ng mga dokumento ng tulong pinansyal gamit ang impormasyon para makontak ng AdventHealth sa ibaba
Web Page Address ng Tulong Pinansyal ng AdventHealth:
www.adventhealth.com/legal/financial-assistance

LOKASYON NG SERBISYO	IMPORMASYON SA PAGPAPADALA NG SULAT	TELEPONO / FAX
Altamonte Springs	Patient Financial Services PO BOX 538815 Orlando, FL 32853-9902	Telepono: 407-303-0500 Fax: 407-200-4977
Apopka	Patient Financial Services PO BOX 538815 Orlando, FL 32853-9902	Telepono: 407-303-0500 Fax: 407-200-4977
Celebration	Patient Financial Services PO BOX 538815 Orlando, FL 32853-9902	Telepono: 407-303-0500 Fax: 407-200-4977
East Orlando	Patient Financial Services PO BOX 538815 Orlando, FL 32853-9902	Telepono: 407-303-0500 Fax: 407-200-4977
Kissimmee	Patient Financial Services PO BOX 538815 Orlando, FL 32853-9902	Telepono: 407-303-0500 Fax: 407-200-4977
Orlando	Patient Financial Services PO BOX 538815 Orlando, FL 32853-9902	Telepono: 407-303-0500 Fax: 407-200-4977
Winter Garden	Patient Financial Services PO BOX 538815 Orlando, FL 32853-9902	Telepono: 407-303-0500 Fax: 407-200-4977
Winter Park	Patient Financial Services PO BOX 538815 Orlando, FL 32853-9902	Telepono: 407-303-0500 Fax: 407-200-4977
For Children	Patient Financial Services PO BOX 538815 Orlando, FL 32853-9902	Telepono: 407-303-0500 Fax: 407-200-4977
For Women	Patient Financial Services PO BOX 538815 Orlando, FL 32853-9902	Telepono: 407-303-0500 Fax: 407-200-4977
Heart of Florida	Patient Financial Services PO BOX 865836 Orlando, FL 32886-5836	Telepono: 866-481-2553 Fax: 941-341-3717
Lake Wales	Patient Financial Services PO BOX 865836 Orlando, FL 32886-5836	Telepono: 866-481-2553 Fax: 941-341-3717

AdventHealth

Daytona Beach	Patient Financial Services 770 West Granada Blvd Ste 203 Ormond Beach, FL 32174	Telepono: 888-676-2219 Fax: 386-676-2560
DeLand	Patient Financial Services 770 West Granada Blvd Ste 203 Ormond Beach, FL 32174	Telepono: 888-676-2219 Fax: 386-676-2560
Fish Memorial	Patient Financial Services 770 West Granada Blvd Ste 203 Ormond Beach, FL 32174	Telepono: 888-676-2219 Fax: 386-676-2560
New Smyrna Beach	Patient Financial Services 770 West Granada Blvd Ste 203 Ormond Beach, FL 32174	Telepono: 888-676-2219 Fax: 386-676-2560
Palm Coast	Patient Financial Services 770 West Granada Blvd Ste 203 Ormond Beach, FL 32174	Telepono: 888-676-2219 Fax: 386-676-2560
Waterman	Patient Financial Services 1000 Waterman Way Tavares, FL 32778	Telepono: 352-253-3311 Fax: 352-253-3735
Carrollwood	Patient Financial Services PO Box 861372 Orlando, FL 32886-1372	Telepono: 813-615-7848 Fax: 813-615-8182
Dade City	Patient Financial Services PO Box 865667 Orlando, FL 32886-5667	Telepono: 813-615-7848 Fax: 813-615-8182
Lake Placid	Patient Financial Services PO Box 9400 Sebring, FL 33871 Attn: MB 3	Telepono: 863-386-7177 Fax: 863-402-3389
Connerton	Patient Financial Services PO Box 861372 Orlando, FL 32886-1372	Telepono: 813-615-7848 Fax: 813-615-8182
North Pinellas	Patient Financial Services PO Box 862624 Orlando, FL 32886-2624	Telepono: 813-615-7848 Fax: 813-615-8182
Ocala	Patient Financial Services PO Box 865696 Orlando, FL 32886-5696	Telepono: 813-615-7848 Fax: 813-615-8182
Sebring	Patient Financial Services PO Box 9400 Sebring, FL 33871 Attn: MB 3	Telepono: 863-386-7177 Fax: 863-402-3389

Tampa	Patient Financial Services 12470 Telecom Dr., Ste. 200 Tampa, FL 33637	Telepono: 813-615-7848 Fax: 813-615-8182
Wauchula	Patient Financial Services PO Box 9400 Sebring, FL 33871 Attn: MB 3	Telepono: 863-386-7177 Fax: 863-402-3389
Wesley Chapel	Patient Financial Services PO Box 864855 Orlando, FL 32886-4855	Telepono: 813-615-7848 Fax: 813-615-8182
Zephyrhills	Patient Financial Services PO Box 862310 Orlando, FL 32886-2310	Telepono: 813-615-7848 Fax: 813-615-8182
Durand	Patient Financial Services 7315 E. Frontage Road, Suite 200 Shawnee Mission, KS 66204	Telepono: 913-676-7558 Fax: 913-676-7571
Ottawa	Patient Financial Services PO Box 460 Ottawa, KS 66067	Telepono: 785-229-3379 Fax: 785-229-3377
Shawnee Mission	Patient Financial Services 7315 E. Frontage Road, Suite 200 Shawnee Mission, KS 66204	Telepono: 913-676-7558 Fax: 913-676-7571
South Overland Park	Patient Financial Services 7315 E. Frontage Road, Suite 200 Shawnee Mission, KS 66204	Telepono: 913-676-7558 Fax: 913-676-7571
Manchester	Patient Financial Services 54 Brownsberger Circle Fletcher, NC 28732	Telepono: 800-347-5281 Fax: 828-650-8080
Murray	Patient Financial Services 54 Brownsberger Circle Fletcher, NC 28732	Telepono: 800-347-5281 Fax: 828-650-8080
Gordon	Patient Financial Services 54 Brownsberger Circle Fletcher, NC 28732	Telepono: 800-347-5281 Fax: 828-650-8080
Hendersonville	Patient Financial Services 54 Brownsberger Circle Fletcher, NC 28732	Telepono: 800-347-5281 Fax: 828-650-8080
Central Texas	Patient Financial Services 2201 S. Clear Creek Road Killeen, TX 76549	Telepono: 254-519-8476 Fax: 254-519-8488
Rollins Brook	Patient Financial Services 608 N. Key Avenue Lampasas, TX 76550	Telepono: 254-519-8476 Fax: 254-519-8488

AdventHealth